www.thegomom.com

Mga Damdamin

Tukuyin ang damdamin ng tauhan batay sa kanyang pahayag o kilos. Isulat ang titik lamang.

a. pagkatuwa	d. Pagtatampo	g. Paghanga	j. panghihinayang
b. pagkahiya	e. Pag-aalala	h. pagmamalasakit	k. pagkatakot
c. pagkagalit	f. pagkainip	i. pagsisisi	l. pagrereklamo

_____ 1. Ayaw kumanta ni Alex sa harap kaya siya napayuko ng tawagin siya ng guro.

_____ 2. “Dapat nag-aral ako ng maaga para hindi ako nagmamadali ngayong gabi.” wika ni Macki.

_____ 3. Hindi mapakali si Nanay, “Ang lakas ng ulan at wala pa ang mga bata. Sana hindi sila bahain.”

_____ 4. Nagdala ng pagkain sila Aubrey para sa mga nasalanta ng bagyo.

_____ 5. “Bakit mo sinulatan ang dingding? Ayan hindi na maalis yan kailangan papinturahan!”

_____ 6. Lahat ng tao ay bilib kay Miguel sa pagkapanalo niya sa Math Competition.

_____ 7. “Buong araw nakabukas ang aircon kahit walang tao! Sayang sa koryente!”

_____ 8. Walang magawa sa baryo kaya buong araw lamang nakikinig sa radyo ang mga bata.

_____ 9. “Yehey! Nakuha ko na ang aso na matagal ko ng gusto!”

_____ 10. Walang gustong dumaan sa kalye Patipot dahil sa malaki at matapang na aso na gumagala dito.

_____ 11. “Hindi masarap ang pagkain, ang bagal ng mga waiter at madumi ang restoran, hindi na ako babalik dito sa restoran na ito!”

_____ 12. “Hindi na lang ako sasama. Hindi ninyo naman talaga ako gusto kasama.”

Worksheet made by www.thegomom.com. All rights reserved.

Answer Key:

1. B
2. J
3. E
4. H
5. C
6. G
7. J
8. F
9. A
10. K
11. L
12. D

Worksheet made by www.thegomom.com. All rights reserved.